
LIBRE
Isyu 06
Abril 2024

# VALENZUELA NGAYON

Tuloy ang Progreso




# TUNGO SA DRUG-FREE VALENZUELA

## MGA NILALAMAN


01 **TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO**

- #ALAGANGPAMILYANGVALENZUELANO MEDICAL AND DENTAL MISSIONS
- BAGONG ANYO NG BUHAY: ANG PAGBUBUKAS NG BALAI BANYUHAY!
- VALENZUELANO BHW, NCII CERTIFIED NA!
- TAUNANG OPERATION TIMBANG PLUS, SINIMULAN NA
- PAWSOME EXPERIENCE SA PET CARAVAN

06 **TULOY ANG DEKALIDAD NA EDUKASYON**

- PAGTATAYO NG 3 KARAGDAGANG VALACE SA LUNGSOD, UUMPISAHAN NA!
- VALENZUELA CITY LIBRARY: ISANG TAONG SERBISYO SA VALENZUELANONG MAG-AARAL!
- MGA NANAY AT TATAY, AKTIBONG NAKIBAHAGI SA PARENTING CAMP
- PINALAGAD ELEMENTARY SCHOOL BAGONG SILID-ARALAN, DAGDAG ESPASYONG PANGKARUNUNGAN

12 **TULOY ANG PROGRESO**

- PESO VALENZUELA, GINAWARAN BILANG BEST PERFORMING PESO SA NCR

14 **TULOY ANG KALINGA**

- TULONG PINANSYAL PARA SA DIALYSIS PATIENTS
- BUWAN NG KABABAIHAN, IPINAGDIWANG SA VALENZUELA

18 **TULOY ANG LIGTAS NA VALENZUELA**

- 2 BAGONG S.W.A.T. VANS
- ONE VALENZUELA COMMAND CENTER
- FORD DRIVING SKILLS, TULOY SA ARANGKADA!
- 5TH CPR TRAINING SA 26TH CITYHOOD ANNIVERSARY NG VALENZUELA

22 **TULOY ANG MALINIS NA VALENZUELA**

- 63 BAGONG DUMP TRUCKS PARA SA MAS MALINIS NA LUNGSOD VALENZUELA!


24 **IMPRASTRAKTURA**

- SOLUSYON KONTRA-BAHA: BAGONG PUMPHOUSE, BINUKSAN!
- BAGONG TODA TERMINAL SA CASA DE POLO: GINHAWANG HATID SA MGA KOMYUTER

25 **KASALANG BAYAN SA ARAW NG MGA PUSO**

26 **PEOPLE'S DAY SA BARANGAY WITH MAYOR WES**
- SERBISYONG CITY HALL, NASA BARANGAY NA!

28 **CITY COUNCIL AT WORK**



VALENZUELA NGAYON

Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*City Mayor* **WES Gatchalian**
*Chief-of-Staff* **Arch. Benjamin P. Gamaro**
*Public Information Officer/Editor-in-Chief* **Frances Marion S. Salazar**

*Writers/Researchers*
William A. Chua, Mary Margaret D. Magat, Regino B. Morata, Jr., Gillian S. Roldan, Jenny C. Taborda
*Graphics and Layout*
Joel A. Soriano
*Photographers*
Resty Robert N. Castro, Alyssa Caco, Kevin Gatchalian, Percival R. De Guzman, Rafael M. Delfino, Kaye R. Magno, Charles B. Quebrar, Clinton F. Ramos, Cherwin D. Rocela, Jonnel L. Sunga
*Circulation Manager*
Clairidy C. Pinto
*Distribution*
Ronald A. Delino, Ronnel B. Esguerra
*Acknowledgment*
Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Office, Local Disaster Risk Reduction and Management Office

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng *Public Information Office* na may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.



© Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, Abril 2024



valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
valenzuelacitygov
valenzuelacitygov
8 352-1000 locals 1132, 1138 & 1410
8 292-9168


FOLLOW US ON SOCIAL MEDIA

ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO

# TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO



Patuloy na isinasagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian, ang **#AlagangPamilyangValenzuelano Medical Missions** kung saan iba't ibang mga serbisyong medikal ang hatid para sa mga Pamilyang Valenzuelano. Ito ay isinasagawa sa iba't ibang mga barangay sa lungsod.

Pinangunahan din ang pagsasagawa ng mga **Medical at Dental Mission para sa mga atletang Valenzuelano** na ginaganap naman sa mga pampublikong paaralan sa lungsod.

## #AlagangPamilyangValenzuelano Medical Missions

| PETSA | Lugar | Bilang ng mga Pasyenteng Natugunan |
|---|---|---|
| Enero | Eden Court, Brgy. Malinta | 885 |
| | 3S Center Bagbaguin | 609 |
| Pebrero | 3S Center Maysan, Sitio Malabo, Brgy. Maysan | 860 |
| | Pinagbayanan Basketball Court, Brgy. Lingunan | 752 |
| | Sitio Cabatuhan Covered Court, Brgy. Gen. T. De Leon | 997 |
| Marso | Paso De Blas Elementary School | 1,011 |
| | 3S Center Polo | 800 |
| | **TOTAL** | **5,914** |

## #AlagangPamilyangValenzuelano Medical Missions for Athletes

| PETSA | Lugar | Bilang ng mga Atletang Natugunan |
|---|---|---|
| Enero | Marulas Central School | 112 |
| | Caruhatan East Elementary School | 44 |
| | Gen. T. De Leon National High School | 63 |
| | Sitero Francisco Memorial National High School | 53 |
| | Malanday National High School | 93 |
| | Lingunan National High School | 124 |
| | Lawang Bato National High School | 57 |
| | Lawang Bato National High School | 51 |
| Pebrero | Santiago A. De Guzman Elementary School | 20 |
| | Serrano Elementary School | 37 |
| Marso | Malinta Elementary School | 116 |
| | **TOTAL** | **770** |

# BAGONG ANYO NG BUHAY:
## ANG PAGBUBUKAS NG BALAI BANYUHAY
### Valenzuela City Drug Rehabilitation and Treatment Center

SCAN MO NA!

**Lungsod na malayo sa droga, lungsod na produktibo't mapayapa!**

Noong Marso 21, 2024, pormal nang binuksan ang mga pinto ng kauna-unahang drug treatment and rehabilitation center sa Lungsod Valenzuela, ang **"Balai Banyuhay"** sa Barangay Punturin. Ang inagurasyon ay pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian, Senador Ronald "Bato" Dela Rosa, at mga opisyal ng iba't ibang ahensiya.

Hango sa mga katagang ***"balai"*** o ***bahay*** at ***"banyuhay"*** o **bagong anyo ng buhay**, ang Balai Banyuhay ay nagsisilbing tahanan ng mga drug dependents na sumasailalim sa rehabilitasyon.

Binubuo ito ng kumpletong kagamitan at pasilidad, katulad ng 72-bed capacity sleeping quarters, detoxification section, medical at psychological consultation section, at marami pang iba. Sa pangangalaga ng mahigit 49 na working staff nito, ang mga isinasagawang programa sa Balai Banyuhay ay tumutugon sa pangkabuuang paggaling ng mga residente nito.

Maliban sa mga residente ng lungsod, tatanggap na rin ng mga kliyente ang Balai Banyuhay mula sa mga karatig na lungsod.

Para sa mga karagdagang impormasyon ukol sa Balai Banyuhay, makipag-ugnayan lamang sa **Valenzuela Anti-Drug Abuse Office (VADAO)** sa numerong **8811-0238**.

## Lungsod na Malayo sa Droga,
### Lungsod na Produktibo't Mapayapa para sa Pamilyang Valenzuelano!





72-BED CAPACITY SLEEPING QUARTERS


VISITORS' LOUNGE


MULTI-PURPOSE SPORTS AREA


LECTURE ROOM


CLINICAL AND DRUG TESTING LABORATORY


PANTRY


CONFERENCE ROOM


INAUGURAT N AND OPENING OF BALAI BANYUHAY
BALAI BANYUHAY


BALAI BANYUHAY
TION AND OPE










# Valenzuelano BHW

## NCII Certified na!



150 na Valenzuelano Barangay Health Workers ang sumailalim sa training ng kursong **Barangay Health Services NC II** ng TESDA na naglalayong mas mapalalim pa ang kanilang kaalaman sa pagbibigay ng health services. Matapos ang training, sinukat ang kanilang natutunan, at ang mga nakapasa sa assessment ay pinagkalooban ng **TESDA National Certificate Level II,** noong Enero 29 sa Valenzuela City Auditorium. Sa kabuuan, ang Lungsod ng Valenzuela ay mayroon ng **171 Barangay Health Workers na NC II Certified**.



# Taunang Operation Timbang Plus

## Sinimulan na!

Sinimulan na ang **Operation Timbang Plus (OTP)** na taunang programa ng National Nutrition Council na isinasagawa sa mga bata edad lima (5) pababa upang sukatin ang kanilang timbang at taas nang sa gayon ay malaman ang nutritional status ng isang bata. Ang makukuhang datos ay ginagamit ng pamahalaang lungsod sa paggawa ng **Local Nutrition Action Plan at pagbibigay ng angkop na interbensyon** upang masolusyunan ang malnutrisyon sa mga kabataan. Ginanap ang kick-off ng Operation Timbang Plus sa Disiplina Village Ugong noong Enero 22.







# PAWsome Experience sa Pet Caravan 2024





Isang PAWsome experience ang dala ng **Pet Caravan 2024** para sa libo-libong furmoms at furbabies na dumalo rito noong Pebrero 24 sa Valenzuela City People's Park Amphitheater. Ang mga serbisyong hatid ng pet caravan ay libreng anti-rabies vaccination, microchipping, veterinary consultation, deworming, at basic pet grooming services.

Ang **Pet Caravan 2024** ay naglalayong ipakilala muli ang **ValPets Program** gayundin ang responsableng pet ownership sa lungsod. Ang **ValPets** o **Valenzuela City Pets App** ay isang pet registration system na sinimulan noong March 2021 at pinagtibay ng Ordinance No. 848, Series of 2021 o ang Valenzuela City Pet Registration and Adoption Ordinance.




**Bilang ng mga furbabies na nabakunahan at nabigyan ng microchip mula Enero 1, 2024 hanggang Marso 31, 2024**

| | |
|---|---|
| VACCINATED | **1,066** |
| MICROCHIPPED | **2,755** |











# TULOY ANG DEKALIDAD NA EDUKASYON

**K**inilala ang **Schools Division Office (SDO) ng Valenzuela City** bilang isa sa mga **Top Performing SDOs** para sa **School Year 2022-2023**, kasabay nito ay pinarangalan din ang **Valenzuela City School of Mathematics and Science (ValMaSci)** bilang isa sa mga **Top Performing Schools sa National Achievement Test (NAT) G10 at G12** sa buong bansa.









# AWARDS




**MOST INNOVATIVE PUBLIC LIBRARY**
Building Physical Set-up Category



**BEST SOCIAL INCLUSION ACTIVITY FOR HISTORICAL AND CULTURAL PRESERVATION AND CONSERVATION**



**BEST PREXC ACTIVITY FOR LIVELIHOOD AND EMPLOYMENT**



**PLAQUE OF RECOGNITION**
2023 Top Performing Public Library in the Philippines

## TOP PERFORMING SCHOOLS DIVISION OFFICE (SY 2022-2023)

**5 VALENZUELA CITY** — National Capital Region — **56.52**

Top 10 Performing Schools in NAT G10 (SY 2022 – 2023)

| Rank | Division | Region | Score |
|---|---|---|---|
| 1 | MANDALUYONG CITY | National Capital Region | 58.96 |
| 2 | CAVITE PROVINCE | Region IV-A | 58.20 |
| 3 | PASIG CITY | National Capital Region | 57.00 |
| 4 | LAS PINAS CITY | National Capital Region | 56.53 |
| 5 | VALENZUELA CITY | National Capital Region | 56.52 |
| 6 | ALAMINOS CITY | Region I | 54.58 |
| 7 | TAGUIG AT PATEROS | National Capital Region | 52.41 |
| 8 | LIPA CITY | Region IV-A | 51.54 |
| 9 | MAKATI CITY | National Capital Region | 51.34 |
| 10 | MARIKINA CITY | National Capital Region | 50.31 |

DepED MATATAG

## TOP PERFORMING SCHOOL IN NAT G10 (SY 2022-2023)

**7** Valenzuela City School of Math and Science — NCR-Valenzuela City — **76.77**

Top 10 Performing Schools in NAT G10 (SY 2022 – 2023)

| Rank | School | Score |
|---|---|---|
| 1 | Batangas Province Science HS | 81.87 |
| 2 | Cavite Science Integrated School | 78.1[illegible] |
| 3 | Makati West - Makati Science HS | 77.78 |
| 4 | City of Mandaluyong Science HS | 77.65 |
| 5 | Pasig City Science High School | 77.47 |
| 6 | Tagbilaran City Science HS | 77.10 |
| 7 | Valenzuela City School of Math and Science (NCR-Valenzuela City) | 76.77 |
| 8 | Badiang National High School | 76.30 |
| 9 | Mandaue City CNHS – Mandaue City Science HS Ext. | 75.96 |
| 10 | Hinaplanan National HS | 75.23 |

DepED MATATAG

## TOP PERFORMING SCHOOL IN NAT G12 (SY 2022-2023)

**6** Valenzuela City School of Math and Science — NCR-Valenzuela City — **68.58**

Top 10 Performing Schools in the NAT G12 (SY 2022 – 2023)

| Rank | School | Score |
|---|---|---|
| 1 | Madamba Integrated School | 68.15 |
| 2 | Saint Paul American School | 67.76 |
| 3 | Sibugon Integrated School | 67.41 |
| 4 | Albert Einstein School Incorp. | 67.25 |
| 5 | Tarabucan National High School | 66.81 |
| 6 | Valenzuela City School of Math and Science (NCR-Valenzuela City) | 68.58 |
| 7 | Mandaue City CNHS – Mandaue City Science HS Ext. | 66.57 |
| 8 | Dolores National High School | 66.34 |
| 9 | Philippine Science High School | 66.12 |
| 10 | Don Esteban Nolasco MNHS | 66.04 |

DepED MATATAG

ValACE
Valenzuela City Academic Center for Excellence

# PAGTATAYO NG 3 KARAGDAGANG ValACE SA LUNGSOD

## UUMPISAHAN NA!



**ValACE Mapulang Lupa**
*Barangay Mapulang Lupa*




**ValACE Gen. T. De Leon**
*Barangay Gen. T. De Leon*




**ValACE Marulas**
*Barangay Marulas*

Muling ipinagtibay pa ang dekalidad na edukasyon sa Lungsod ng Valenzuela sa nalalapit na pagtatayo ng **tatlong (3) karagdagang VALACE buildings sa mga barangay ng Gen. T. de Leon, Marulas, at Mapulang Lupa**. Layunin nitong magdagdag ng mas marami pang **komportable** at ***state-of-the-art study spaces*** para sa mga Valenzuelanong mag-aaral.

Ang naganap na groundbreaking ceremonies para sa VALACE Gen. T. de Leon, Marulas, at Mapulang Lupa ay bunga ng inspirasyon sa matagumpay na **Valenzuela City Library** sa Barangay Malinta na nakatulong sa mahigit 440,883 na estudyante noong nakaraang taon. Sa mithiing gawing isang ***"Reading City"*** ang Lungsod Valenzuela, patuloy na isinusulong ang inklusibong edukasyon sa pamamagitan ng pagbuo ng mga bagong ***"learning-conducive spaces"*** dito.
















# VALENZUELA CITY LIBRARY: ISANG TAONG SERBISYO SA VALENZUELANONG MAG-AARAL!








Unang nagbukas noong nakaraang Pebrero 24, 2023, isang taon nang nagsisilbing inklusibo at maaasahang pampublikong aklatan ang Valenzuela City Library sa Lungsod Valenzuela.

Sa pagdiriwang ng anibersaryo nito, naganap ang **turnover ng STARBOOKS kiosk** mula sa DOST-STII. Ang STARBOOKS kiosk ay isang *standalone information kiosk* na naglalaman ng mga science, technology, and innovation-based resources para sa mga mag-aaral. Kasunod nito, ilan sa mga aktibidad na hatid ng Valenzuela City Library ay ang **ACE Class, Halika Na! Storytime, Xiao Chua Talks, Cinema Under the Star with CCP**, at iba pa.
















# MGA NANAY AT TATAY,

## AKTIBONG NAKIBAHAGI SA PARENTING CAMP

Aktibong nakibahagi ang mga Valenzuelanong magulang mula sa daycare, elementary, at high school sa ginanap na Nanay-Tatay Teacher+ Parenting Camp. Ito ay programa ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela katuwang ang Synergeia Foundation na naglalayong magbahagi ng iba't ibang mga parenting at teaching technique sa mga magulang na makakatulong sa kanilang paggabay sa kanilang mga nag-aaral na anak.

Ang Nanay-Tatay Teacher+ Parenting Camp ay isa sa component ng multi-awarded Education 360 Degrees Investment Program.

| Bilang ng mga magulang na nakiisa sa **Nanay-Tatay Teacher+ Parenting Camp** | |
|---|---|
| Daycare Parents | **10,500** |
| Elementary Parents | **60,000** |
| Junior High & Senior High School Parents | **56,000** |
| **Total Participants** | **126,500** |



# PINALAGAD ELEMENTARY SCHOOL

## BAGONG SILID-ARALAN, DAGDAG ESPASYONG PANGKARUNUNGAN







Bilang handog sa mga mag-aaral ng **Pinalagad Elementary School**, pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian ang pagpapasinaya ng **dalawang (2) gusali na may apat (4) na palapag**, kasabay ng pagdiriwang ng 26$^{th}$ Charter Day. Ang nasabing gusali ay magsisilbing karagdagang mga silid-aralan para sa higit-kumulang **isang libong (1,000) mga mag-aaral** at opisina para sa mga guro at kawani ng Pinalagad Elementary School.




# TULOY ANG **PROGRESO**



Isang Mega Job Fair ang isinagawa ng Pamahalaang Lungsod alinsabay sa pagdiriwang ng 26th Charter Day ng Lungsod Valenzuela sa pakikipagtulungan ng Public Employment Services Office at Department of Labor and Employment noong Pebrero 16 sa Casa De Polo, Barangay Poblacion.

## MEGA JOB FAIR
### Pebrero 16, 2024 | Casa De Polo

| | |
|---|---|
| Bilang ng Employers | 37 |
| Bilang ng Job Vacancies | 4,477 |
| Bilang ng Natanggap sa Trabaho | 249 |
| Natugunan ng One-Stop Shop Pre-Employment Services | 137 |



# PESO Valenzuela,
## Ginawaran Bilang Best Performing PESO sa NCR

Pinarangalan ng **Department of Labor and Employment** ang **Valenzuela City Public Employment Services Office (PESO)** bilang Best Performing PESO sa National Capital Region sa ginanap na awarding ceremony noong Pebrero 29 sa Casa De Polo, Barangay Población. Naiuwi ng Valenzuela PESO ang mga pagkilala bilang **Best in Referral and Placement, Best in Labor Market Information, at Best in Career Guidance and Employment Coaching**. Maliban dito, ginawaran si Valenzuela PESO Manager Josephine Osea ng special citation bilang kauna-unahang Public Employment Service National Certificate IV holder sa buong NCR.


# AWARDS




**Best PESO**
**Regional Winner**
*Hall of Fame Category*




**Plaque of Appreciation**



TULOY ANG **KALINGA**






# TULONG PINANSYAL PARA SA DIALYSIS PATIENTS

**87 kwalipikadong dialysis patients** sa Valenzuela ang tinutulungan ng Pamahalaang Lungsod katuwang ang City Social Welfare and Development Office para sa kanilang dialysis treatment. Bawat pasyente ay patuloy na makakatanggap ng **PhP 5,000** sa loob ng anim na buwan, mula Enero hanggang Hunyo.

Bukod dito, ang mga benepisyaryo na regular na pasyente sa Valenzuela City Emergency Hospital ay nakakatanggap din ng libreng Epoetin doses mula sa Lungsod na ginagamit sa dialysis treatment.

| Bilang ng Benepisyaryo | Kabuuang Halaga ng Assistance Enero - Hunyo |
|---|---|
| 87 | PhP 2,610,000.00 |



# BUWAN NG Kababaihan

## Ipinagdiwang sa Valenzuela

Upang ipagdiwang ang Buwan ng Kababaihan, naglunsad ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ng mga aktibidad upang bigyang pugay ang mga makabuluhang kontribusyon ng mga kababaihan ng lungsod mula noon hanggang sa kasalukuyang panahon alinsunod sa temang **"Lipunang Patas sa Bagong Pilipinas; Kakayahan ng Kababaihan, Patutunayan!"**

MEGA ZUMBA Mag-WESxercise tayo! with MAYORA TIFFANY

Bilang panimula ng isang buwang pagdiriwang, isang masayang **Zumba for Wellness, Equality, and Sensitivity** ang isinagawa noong March 1 sa Valenzuela City People's Park Amphitheater na dinaluhan ni Mayoress Tiffany Gatchalian.















## ANTI-BASTOS LAW SEMINAR

Nagsagawa rin ang Valenzuela City Police ng orientation, seminar, at training na nagpo-promote ng importansya ng mga batas tulad ng **Anti-Bastos Law**, at tamang paghawak ng **Gender Abuse Cases** na dinaluhan ng mga guro at estudyante mula sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela.






## HER TIME:
### A SIMPLE GUIDE TO SELF-CARE FOR WOMEN

Layunin ng programa na itaas ang kamalayan sa kahalagahan ng pag-aalaga sa sarili ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng medical check-ups, family planning services, manicure, pedicure, at pagpapagupit.









## NURTURING MINDS, EMPOWERING HEARTS:
### A COMPASSIONATE SEMINAR ON POSTPARTUM MENTAL HEALTH FOR NEW MOTHERS

Sa buwan ng kababaihan ay binigyang pansin din ang postpartum mental health ng mga bagong ina. Tinalakay dito ang mga senyales ng pagkakaroon ng postpartum depression, mga uri nito, gayundin kung paano ito masosulusyunan at magagamot. Bagamat isang life-changing experience ang pagkakaroon ng anak, pinapaalala rin ng aktibidad na ito ang kahalagahan ng pag-aalaga sa sarili, gayundin ang pakikibahagi sa mga support group ng mga bagong ina.



TULOY ANG **LIGTAS NA VALENZUELA**

# 2 BAGONG S.W.A.T. VANS


## para sa mas mabilis na pag-responde ng ating kapulisan!



- 8 to 10-seater Bench Seats
- Pin Lights
- Jump Seat
- Cabinets for Rifles and Vests
- Checkered Plate flooring
- Overhead Grab Handle
- Roof Rack for Sniper's Position
- Grill bars/Mesh grill
- Grab bars and Footholds
- Run Flat Mags and Wheels

- Fixed ladder
- Bull Bar with lights
- Blinkers, sirens, and speaker
- LED Lightbar
- Back sensor
- 120-degree LED scene light
- LED remote searchlight
- Switch box
- 360-degree camera with monitor











SCAN MO NA!

Kasabay ng pagdiriwang ng **26th Charter Day ng Lungsod** ay inilabas ang karagdagang **dalawang (2) High-End SWAT Vans** noong **Pebrero 16, 2024**. Ito ay bahagi ng layunin ng pamahalaang lungsod na panatilihin ang kapayapaan at kaayusan sa bawat komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pwersa ng kapulisan. Hangarin ng lokal na pamahalaan na maging mababa ang crime rate and life threats sa lungsod at maging pinakaligtas na lungsod sa kalakhang Maynila maging sa buong bansa.

**Total Project Cost:**
## PhP 190,101,349.62

**Project Location:**
**Brgy. Paso De Blas**

**No. of Storey:**
**4-Storey Building with Roof Deck**

**Total Floor Area:**
**1,739.54 square meters**

**Project Duration:**
**540 Calendar Days**

**Facilities and Satellite Offices:**
- Valenzuela City Command, Control, and Communication Center (VCC3)
- Traffic Management Office (TMO)
- Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office (VCDRRMO)
- Philippine National Police (PNP) Office
- Anti-Cyber Crime Unit
- Electric Vehicle Charging Station
- Radio Tower

**Contractor:**
J. Simeon Construction / Toughbuilt Construction and Trading Inc., JV

**SOON TO RISE!**

# ONE VALENZUELA COMMAND CENTER














Isinagawa ang Groundbreaking Ceremony ng **One Valenzuela Command Center** noong **Pebrero 16, 2024** sa **Barangay Paso De Blas**. Ang apat na palapag na gusali ay siyang magiging tahanan ng mga emergency response team ng lungsod, tulad ng **Valenzuela City Command, Control, and Communication Center (VCC3), Traffic Management Office (TMO), Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office (VCDRRMO), Philippine National Police (PNP)-Valenzuela Office, Anti-Cyber Crime Unit, Electric Vehicle Charging Station, at Radio Tower**.












# Ford Driving Skills FOR LIFE

## TULOY SA ARANGKADA!

Dinagsa ng mahigit **300** na kalahok ang **"Ford Driving Skills for Life"** na pinangunahan ng mga propesyunal mula sa **Ford Motors Company**. Ang mga nakiisa sa libreng pagsasanay ay mula sa pampubliko at pribadong sektor, kabilang ang ilang akademikong institusyon tulad ng **Our Lady of Fatima University (OLFU), Valenzuela City Technological College (ValTech), at Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV)**. Ang mga kalahok ay sumailalim sa seminar at nabigyan ng pagkakataong subukang imaneho ang mga dalang sasakyan ng Ford Motors







# 5th CPR TRAINING

## SA 26th CITYHOOD ANNIVERSARY NG VALENZUELA

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng 26th Charter Day ng Lungsod Valenzuela, nagsagawa ang lokal na pamahalaan ng **hands-only Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) training** sa ALERT Multi-purpose Hall, Pebrero 14. Ito ay nilahukan ng mahigit 2,000 na mga kawani mula sa pribado at pampublikong sektor. Layunin ng taunang pagsasanay na ito na ituro ang tamang pagbibigay ng CPR, isang mahalagang kasanayan na maaaring makaligtas ng buhay sa anumang sitwasyon.

TULOY ANG **MALINIS NA VALENZUELA**




# 63 BAGONG DUMP TRUCKS

## para sa MAS MALINIS na Lungsod Valenzuela!

Naghandog ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ng karagdagang **63 bagong dump trucks** para sa layunin na **Mas Malinis na Lungsod Valenzuela** para sa Pamilyang Valenzuelano. Ang bawat unit ng dump truck ay nagkakahalaga ng **PhP 1,973,684.21**. Ito ay karagdagang kagamitan para sa Waste Management Division upang mas maging epektibo at mapabilis ang koleksyon ng mga basura. Ang pagkuha ng residential waste ay isinasagawa dalawang beses sa isang linggo sa lahat ng 33 barangay ng Lungsod.

SCAN MO NA!



VALENZUELA
SINOTRUK
Tuloy ang PROGRESO, Valenzuela!
CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
METROPOLITAN MANILA

# IMPRASTRAKTURA







## SOLUSYON KONTRA-BAHA: BAGONG PUMPHOUSE, BINUKSAN!

Kasabay ng pagdiriwang ng 26th Charter Day ng Valenzuela, binuksan ang **pang-24 na pumphouse** sa lungsod sa Barangay Malinta. Ang bagong pumphouse ay may tatlong **(3) 270-horsepower water pumps** na may kakayahang mag-pump ng hanggang 2 cubic meters. Maliban dito ay mayroon din itong kasamang **500-Kilowatt generator** bilang reserba.








## TODA TERMINAL SA CASA DE POLO: GINHAWANG HATID SA MGA KOMYUTER

Upang mabigyan ng maayos na terminal ang trike drivers at bigyang ginhawa ang mga komyuter sa paligid ng Casa de Polo, opisyal nang binuksan ng lokal na pamahalaan ang **TODA terminal** sa publiko noong Pebrero 14. Ito'y parte rin ng mahabang selebrasyon ng 26th Charter Day ng Valenzuela. Maliban sa terminal, mayroon din itong **concessionaire area** kung saan nakatayo ang maliliit na tindahan ng ilang mga residente.




















# Kasalang Bayan sa Araw ng mga Puso

**Love is in the air!** Sakto sa Araw ng mga Puso ay nagpalitan ng matatamis na **"I Do"** at nagdiwang ng kanilang pagmamahalan ang **163 couples** sa Kasalang Bayan na ginanap noong ika-14 ng Pebrero sa La Rosa Pavillion, Barangay Gen. T. De Leon, at Casa De Polo sa Barangay Poblacion. Ang malaking pagdiriwang na ito ay pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian at taunang isinasagawa ng Pamahalaang Lungsod alinsabay na rin sa paggunita ng Charter Day ng Valenzuela City.





















PEOPLE'S DAY SA BARANGAY WITH MAYOR WES

## PEOPLE'S DAY SA BARANGAY CARAVAN: SERBISYONG CITY HALL, NASA BARANGAY NA!

Mas pinalapit ang mga serbisyo ng Valenzuela City Hall sa bawat barangay sa inilunsad na **"People's Day sa Barangay! Caravan"** Ilan sa mga serbisyong handog ng People's Day Caravan ay **free legal consultation, free wifi and printing, free consultation with City Hall officers and employees, *"Kamustahan with Mayor WES"*** kasama ang mga **HOA, SPTA, TODA** at **PODA**, at **City Social Welfare and Development Office (CSWDO) Help Desk** para sa iba't ibang social services tulad ng pagbibigay ng medical at burial assistance at assistive device.

Ang People's Day sa Barangay! Caravan ay iikot sa bawat 33 na barangay sa Lungsod upang mas tutukan at tugunan ang mga pangangailangan na mga residente nito.






## Arty 4, Barangay Karuhatan
Pebrero 17, 2024

| | |
|---|---|
| Naipamahagi sa mga benepisyaryo | ▶ **PhP 290,500.00** na medical at burial assistance para sa **157** na benepisyaryo<br>▶ **6 Assistive Devices** |
| Nakiisa sa Kamustahan with Mayor WES | **6 na Homeowners Association** |

## Sitio Kabatuhan, Barangay Gen. T. De Leon
Marso 2, 2024

| | |
|---|---|
| Naipamahagi sa mga benepisyaryo | ▶ **PhP 419,500.00** na medical at burial assistance para sa **291** na benepisyaryo<br>▶ **11 Assistive Devices** |
| Nakiisa sa Kamustahan with Mayor WES | **10 Homeowners Associations**<br>**3 School Parent-Teacher Associations**<br>**3 Tricycle Operators & Drivers Associations**<br>**1 Jeepney Operators & Drivers Associations**<br>**1 Pedicab Operators & Drivers Associations** |




## St. Jude, Barangay Malinta
Marso 23, 2024

| | |
|---|---|
| Naipamahagi sa mga benepisyaryo | ▶ **PhP 522,000.00** na medical at burial assistance para sa **269** na benepisyaryo<br>▶ **8 Assistive Devices** |
| Nakiisa sa Kamustahan with Mayor WES | **9 Homeowners Associations**<br>**5 School Parent-Teacher Associations**<br>**4 Tricycle Operators & Drivers Associations** |








# City Council at WORK

Ito ang ilan sa mga ordinansa at resolusyong naipasa ng 9th City Council (Sangguniang Panlungsod) para sa patuloy na pagpapaunlad ng Lungsod.



## Resolution No. 3029, Series of 2024
***Authored by Councilor Louie Nolasco***

A resolution signifying support for a "Sabayang Pagsisipilyo ng mga Batang Valenzuelano Program" in Valenzuela City.




## Ordinance No. 1158, Series of 2024
***Authored by Councilor Marlon Alejandrino***

An ordinance extending the deadline for payment of the renewal of business taxes, fees, and/or charges for the year 2024 until February 3, 2024.



## Ordinance No. 1161, Series of 2024
***Authored by Councilor Ricar Enriquez***

An ordinance integrating the barangay clearance to business permit processes and for other purposes.





## Ordinance No. 1165, Series of 2024
***Authored by Councilor Ricar Enriquez***

An ordinance authorizing the City Librarian and other City Government officers, as may be authorized by the City Mayor, to sell the "Valenzuela City History and Progress" books and to allocate the proceeds thereof to the City Library special trust fund.




## Ordinance No. 1171, Series of 2024
***Authored by Councilor Ricar Enriquez***

An ordinance institutionalizing the City Social Welfare and Development Office - AICS digitalization project (DotBot), appropriating funds thereto, and for other purposes.


BALIKAN ANG
KASAYSAYAN AT KAUNLARAN
400
1623–2023
PUEBLO DE POLO
LUNGSOD VALENZUELA
Valenzuela : History and Progress
VALENZUELA
History and Progress
City of Industries
02
Valenzuela
A City of Valor and Industrial Might
MUNICIPALITY OF POLO
VALENZUELA
History and Progress
Coffee Table Book
The book can be purchased for PhP 3,000.00 at the
ValACE
Valenzuela City Academic Center for Excellence
MacArthur Highway, Brgy. Malinta, Valenzuela City

# MUSEO NI DR. PIO VALENZUELA

## DOT ACCREDITED NA!

DEPARTMENT OF TOURISM
PHILIPPINES

Open from Tuesday to Sunday
9:00 AM to 4:00 PM

**Free Admission**

For groups of 20 and above, book your reservations through

piovalmuseum@gmail.com

*Follow us at*

Facebook.com/PioValMuseum



FOLLOW US ON SOCIAL MEDIA


CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA · METROPOLITAN MANILA

*Tuloy ang PROGRESO, Valenzuela!*

**CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**
MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440
8 352.1000